

Para más detalles en español, llame al (626) 543-2640 para el área de servicio de San Jose Hills, o al (562) 944-8219 para el área de servicio de Whittier/La Mirada. Para obtener una copia de este aviso en español visite nuestro sitio web en [www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

有關中文的更多詳情，請致電 (626) 543-2640到San Jose Hills服務區，或致電 (562) 944-8291到Whittier / La Mirada服務區。有關本通知的中文版，請訪問我們的網站：[www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

한국어로 자세한 정보를 원하시면 San Jose Hills 서비스 지역은 (626) 543-2640으로 전화하거나 Whittier / La Mirada 서비스 지역은 (562) 944-8219로 전화하십시오. 한국어로 된 이 통지서 사본은 웹 사이트 [www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

Để biết thêm thông tin bằng tiếng Việt, hãy gọi khu vực dịch vụ San Jose Hills theo số (626) 543-2640 hoặc khu vực dịch vụ Whittier / La Mirada theo số (562) 944-8219. Để có một bản sao của thông báo này bằng tiếng Việt, vui lòng truy cập [www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

Para sa karagdagang impormasyon sa Tagalog, tawagan ang lugar ng serbisyo ng San Jose Hills sa (626) 543-2640 o lugar ng serbisyo ng Whittier / La Mirada sa (562) 944-8219. Para sa isang kopya ng tagalog na ito ng paunawa, mangyaring bisitahin ang [www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

## PAUNAWA NG HILING SA PAGTAAS NG SINGIL PARA SA HALAGA NG KAPITAL PARA SA SUBURBAN WATER SYSTEMS' APPLICATION 23-05-003

### Bakit ko natatangap ang abisong ito?

Noong Mayo 1, 2023, inihain ng Suburban Water Systems (Suburban) ang halaga ng aplikasyon sa kapital 23-05-003, sa California Public Utilities Commission (CPUC). Sa aplikasyon, hinihiling ng Suburban na dagdagan ang halaga nito sa kapital na siyang halaga ng pagbabalik na pinahintulutan ng kumpanya na mabawi ang mga pamumuhunan nito sa mga kritikal na imprastruktura na kinakailangan upang makapaghatid ng ligtas at maaasahang serbisyo ng tubig. Kung maaprubahan ng CPUC, tataas ang halaga ng pagbabalik ng Suburban ng 0.87% para sa 2024, 2025, at 2026.

Kung aprubahan ng CPUC ang aplikasyong ito, babawiin ng Suburban ang halaga nito sa kapital sa mga halaga sa loob ng tatlong taong yugto simula Enero 1, 2024, at magtatapos sa Disyembre 31, 2026. Makakaapekto ito sa iyong bill.

### Bakit hinihiling ng Suburban ang pagtataas na ito sa halaga nito sa kapital?

Inaatasan ng CPUC ang Suburban na maghain ng halaga ng aplikasyon sa kapital kada tatlong taon. Tinutukoy ng halaga ng kapital ang halaga ng pera na pinapayagang mabawi ng Suburban sa mga halaga bilang pagbabalik sa perang ipinuhunan nito sa kritikal na imprastruktura. Tinitiyak nito na ang mga pondo ay magagamit upang gumawa ng mga mahahalagang pagpapabuti sa imprastruktura, kaya ang mga pondohan ng tubig, mga balon, mga bomba, mga tangke, mga sistema ng paggamot, at iba pang bahagi ng sistema ng tubig ay patuloy na nagbibigay ng ligtas, maaasahang serbisyo ng tubig.

### Paano ito makakaapekto sa bill ng tubig ko?

Kung maaaprubahan ng CPUC, ang mga iminungkahing pagbabago sa halaga ng kapital ay tataas ang kasalukuyang awtorisadong kinakailangan ng kita ng Suburban ng \$4.4 milyon (4.41%). Ang mga epekto sa average na buwanang singil ng residensyal na customer na gumagamit ng 14 ccf (1 ccf = 100 cubic feet o 780 gallons ng tubig) bawat buwan para sa 3/4 inch meter, **hindi kasama ang anumang naaangkop na surcharge maliban sa bayad sa reimbursement ng CPUC**, ay magiging ganito:

	Kasalukuyang Mga Pinapahintulutang Singil	Mga Iminungkahing Singil sa 2024	Pagtataas ng Bill	
			\$	%
San Jose Hills - Pinagseserbisyuhang Lugar 1	\$80.17	\$83.70	\$3.53	4.40%
Whittier/La Mirada - Pinagseserbisyuhang Lugar 2	\$75.27	\$78.59	\$3.32	4.41%

Sa ilalim ng mga iminungkahing singil, sa Enero 1, 2024, ang buwanang singil para sa pribadong serbisyo ng sunog

ay tataas mula \$28.16 hanggang \$29.34 bawat pulgada ng diameter ng koneksyon ng serbisyo, at ang buwanang singil para sa serbisyo ng fire hydrant ay tataas mula \$37.25 hanggang \$38.89 para sa bawat 6 na pulgadang karaniwang fire hydrant.

Para sa mga kwalipikadong residensyal na customer na naka-enroll sa programa ng tulong sa may mababang kita sa suburban, ang karaniwang customer na may 3/4-inch meter na gumagamit ng 14 Ccf bawat buwan ay magiging ganito:

	Kasalukuyang Mga Pinapahintulatang Singil	Mga Iminungkahing Singil sa 2024	Pagtataas ng Bill	
			\$	%
San Jose Hills - Pinagseserbisyuhang Lugar 1	\$71.34	\$74.48	\$3.14	4.40%
Whittier/La Mirada - Pinagseserbisyuhang Lugar 2	\$66.44	\$69.37	\$2.93	4.41%

Maaaring mabawasan o kahit na maalis ng mga customer ang epekto ng mga pagtataas na ito sa pamamagitan ng pagtitipid ng tubig.

Ang mga iminungkahing pagtaas ng kita ay nakabalangkas sa chart sa ibaba ng uri ng customer at ipinapalagay na inaprubahan ng CPUC ang hiniling na halaga ng mga pagtaas ng halaga ng kapital sa kabuuan ng mga ito

#### Iminungkahing Pagtataas sa 2024 (Mga Dolyar sa Libo)

<u>Uri ng Customer</u>	Kasalukuyang <u>Kita</u>	<u>Iminungkahing Pagtataas</u>	
		\$	%
Residensyal	70,493.6	3,105.6	4.41%
Negosyo	20,283.1	893.6	4.41%
Industriyal	1,867.3	82.3	4.41%
Mga Pamublikong Awtoridad	3,723.9	164.1	4.41%
Iba pang Utility ng Tubig para Muling Pagbenta	49.1	2.2	4.41%
Serbisyo ng Tubig sa Konstruksyon	186.6	8.2	4.40%
Pribadong Serbisyo sa Proteksyon Laban sa Sunog	1,822.7	80.3	4.41%
Serbisyo ng Fire Hydrant sa Pribadong Ari-arian	223.1	9.8	4.41%
Recycled na tubig	1,223.7	53.9	4.41%
Kabuuan	99,873.2	4,399.9	4.41%

#### Paano gumagana ang natitirang bahagi ng proseso?

Ang aplikasyon na ito ay itatalaga sa isang Hukom ng Administratibong Batas ng CPUC na isasaalang-alang ang mga panukala at ebidensya na ipinakita sa panahon ng pormal na proseso ng pagdinig. Maglalabas ang Hukom ng Administratibong Batas ng iminungkahing desisyon na maaaring magpatibay sa aplikasyon ng Suburban, baguhin ito, o tanggihan ito. Sinumang Commissioner ng CPUC ay maaaring mag-sponsor ng kahaliling desisyon na may ibang resulta. Ang iminungkahing desisyon, at anumang mga alternatibong desisyon, ay tatalakayin at pagbobotohan ng Mga Commissioner ng CPUC sa isang pampublikong Pagpupulong sa Pagboto ng CPUC.

Susuriin ng mga partido sa paglilitis ang aplikasyon ng Suburban, kabilang ang Tanggapan ng Mga Pamublikong Tagapagtaguyod, na isang independiyenteng tagapagtaguyod ng consumer sa loob ng CPUC na kumakatawan sa mga customer upang makuha ang pinakamababang posibleng singil para sa serbisyo na naaayon sa maaasahan at ligtas na mga antas ng serbisyo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa **1-415-703-1584**, email [PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov](mailto:PublicAdvocatesOffice@cpuc.ca.gov), o bisitahin ang [PublicAdvocates.cpuc.ca.gov](http://PublicAdvocates.cpuc.ca.gov).

Ang iyong pakikilahok sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong saloobin sa hiling ng Suburban ay makakatulong sa CPUC na makagawa ng may kamalayang pagpapasya. Mangyaring bisitahin ang **[apps.cpuc.ca.gov/c/A2305003](http://apps.cpuc.ca.gov/c/A2305003)** upang magsumite ng komento tungkol sa paglilitis na ito sa CPUC Docket Card. Dito ay maaari mo ring makita ang

mga dokumento at iba pang mga pampublikong komento na nauugnay sa paglilitis na ito.

### **Saan ako makakakuha ng impormasyon**

#### **Makipag-ugnayan sa Suburban**

Website: [www.swwc.com/suburban](http://www.swwc.com/suburban)  
Telepono: **1-626-543-2531**  
Email: Mga Pinagseserbisyohang Lugar ng San Jose Hills at Whittier/La Mirada:  
[suburbancustomer@swwc.com](mailto:suburbancustomer@swwc.com)

Ang isang kopya ng Aplikasyon at anumang may kinalamang mga dokumento ay maaari ring makita sa [www.swwc.com/suburban/announcements/](http://www.swwc.com/suburban/announcements/)

#### **Makipag-ugnayan sa CPUC**

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga proseso ng CPUC, maaari kang makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapagpayo ng CPUC sa:

Telepono: **1-866-849-8390** (libre) o **1-415-703-2074**  
Email: [Public.Advisor@cpuc.ca.gov](mailto:Public.Advisor@cpuc.ca.gov)  
Koreo: CPUC Public Advisor's Office  
505 Van Ness Avenue  
San Francisco, CA 94102

Mangyaring sumangguni sa **Application 23-05-003** sa anumang mga pakikipag-ugnayan na gagawin sa CPUC tungkol sa bagay na ito.